

**Para sa ugnayan ng mga bata sa
ibang bansa.**

Suporta para sa unang antas.

Nihonggo para sa unang antas.



Tsu city Board of Education

1. Layunin

Layuning maturuan ang mga batang dayuhan ng Nihonggo at maibigay ang kinakailangang suporta sa pag-aaral sa paaralang Hapon at magkaroon ng konsentrasyon na matuto sa maigsing panahon.

Masagot ang mga katanungan at kunsultasyon ng mga magulang at tagapag-alaga tungkol sa pag-aaral ng bata.

2. Mga bata at mag-aaral na tinutukoy.

Mga batang nakatira sa Tsu City, at nasa tamang edad upang pumasok sa paaralan. Nasasakop sa dalawa (① ②) o isa sa mga kundisyon sa ibaba.

- ① Hindi nakakapagsalita ng Nihonggo para sa pang-araw araw na pamumuhay o daily conversation.
- ② Hindi nakakabasa at nakakasulat ng Hiragana at Katakana (at Kanji na itinuturo sa lower grade sa elementary)

Note: Maaaring ikunsulta ang mga batang lagpas na ang edad para pumasok sa paaralan.

3. Nilalaman ng aralin

- Nihonggo para sa unang antas o first level.
 - Nihonggo para sa daily conversation.
 - Pagbasa at pagsulat ng Hiragana at Katakana (Kanji na itinuturo sa lower grades sa elementary).
- Akmang suporta para sa unang antas.
 - Masanay sa pamumuhay at mga gawain sa paaralang Hapon.

4. Schedule

Meeting sa umaga: 9 : 00 ~ 9 : 10

1st Period 9 : 10 ~ 9 : 55 Nihonggo Lesson

※ Magko concentrate sa (Pagsasalita) at (Pakikinig)

2nd Period 10 : 00 ~ 10 : 45 Nihonggo Lesson

※ Magko concentrate sa (Pagsulat) at (Pagbasa)

3rd Period 10 : 45 ~ 11 : 05 (BONDING) time

※ Ang (KIZUNA o BONDING) time ay pag-aaral tungkol sa pamumuhay sa bansang Hapon.

Meeting sa uwian: 11 : 05 ~ 11 : 15

Babalik sa paaralan Kakain ng tanghalian at
papasok sa klase sa hapon

5. Impormasyon tungkol sa KIZUNA class room.

Basic Japanese class room (KIZUNA class room)

Tsu Center Palace 2nd Floor

7-15 DaimonTsu City.(Harap ng Hisai Kintetsu Stn.)

Telepono : 059-229-3249 (Human Rights Educ.Sec.)

6. Tungkol sa pagpasok at attendance.

- Ang attendance sa KIZUNA class room ay magiging attendance sa pinapasukang paaralan.
- Ang termino ng pagpasok ay mula 3 hanggang 4 na buwan. Ang araw ng pagtatapos ay ayon sa napagkasunduan ng paaralan at mga tagapamahala sa Human Rights Education Section.
- May graduation o closing ceremony na aattend ang magulang o custodian at guro ng paaralang pinapasukan
- Walang bayad o libre ang tuition fee.
- Ang magulang ang responsable sa pagpasok ng bata sa class room na ito, at ang magulang din ang sasagot sa pamasahe ng bata kung kailangan niyang magcommute sa pagpasok.
- Maaaring manood o mag obserba sa pag-aaral ng bata. Huwag mag-atubiling pumunta.
- Hinihiling na maghintay sa pagpapalista kung sakaling marami ang bilang ng mga papasok na bata.

7. Dito sa KIZUNA o BONDING class room ay...

- May mga staff na ang sariling wika ay Portuguese, Spanish, Tagalog (English) at Chinese, May mga araw sa bawat linguwahe.
- Handang sumagot sa mga kunsultasyon ng magulang tungkol sa pag-aaral ng bata pati na rin sa mga (hindi kasapi sa mga magulang)sa sam ahang ito sa nasabing class room.
- Sisikapang magkaroon ng translation sa mga sulat at impormasyon na manggagaling sa pinapasukang paaralan ng bata.
- Tutugunan ang mga impormasyong may kinalaman sa pag-aaral o edukasyon at mga bagay sa pag-aaral ng Nihongo ng bata



Ang tao ay namumuhay sa pakikipag-ugnayan sa kapwa tao. Nais naming ang mga batang galing sa ibang bansa at nakatira ngayon dito sa Tsu City na pahalagahan ang ugnayan na ito. Makipag-ugnayan sa mga bata at kaibigan sa paaralang Hapon, makipag-ugnayan sa mga guro at iba't ibang tao sa paaralan, pakikipag-ugnayan sa miyembro ng pamilya. At upang ang ugnayan na ito ay mapatibay ay hinahangad na matutuhan ng mga bata ang salitang Hapon (Nihonggo) mula sa KIZUNA class room. At maramdaman ng bawat isa ang kasiyahan ng pakikipag-ugnayan sa tao.

Sa class room na ito ay bumuo ng team o grupo upang mapanlad ang kakayahan ng bata sa pagsasalita ng Nihonggo. May unawaan din ang mga guro sa pinapasukang paaralan at sila rin ay dadalaw upang makita ang kalagayan ng pag-aaral ng mga bata. Sisikapin naming maturuan ang mga bata kasabay ng pagbibigay halaga sa (KIZUNA) pagbubuklod o samahan sa bawat isa.



Mapa sa paligid ng KIZUNA class room

